GUIDELINES

1. Ang Komite ay may tatlumpu't walo (38) na regular na Miyembro. Ang quorum ay one-fifth (1/5) ng kabuuan.

2. Ang *ex-officio* Members ay may boses at may boto.

3. Ang mga nais magsalita ay kailangang makipag-ugnayan sa Committee Secretary upang maitala ang kanilang pangalan.

4. Magkakaroon tayo ng alternating recognition ng Minority at Majority, na may limang (5) minuto ang bawat isa.

5. Maaari tayong magbigay ng second round kung may oras.

6. Hinihiling ng Chairperson na hintayin muna ang kaniyang pagkilala bago magsalita upang mapanatili ang kaayusan.

7. Sa mismong pagdinig, ang mga resource persons ay susuriin ng mga Miyembro ng Komite alinsunod sa *Section 7 of the Rules of Procedure in Impeachment Proceedings*. Ang mga resource person ay hindi papayagang magsalita o gumawa ng mga interjection maliban kung, at hanggang sa, sila ay kilalanin ng Chairperson.

8. Tanging ang mga Miyembro ng Komite lamang ang may karapatang suriin o i-cross-examine ang mga resource

persons. Ang mga partido ay maaaring humingi ng pahintulot mula sa Chairperson na magsumite ng mga tanong na itatanong ng Chairperson, kung sa kanyang opinion, ay kinakailangan ang mga ito para maging malinaw ang talakayan.

9. Ang pakikilahok ng mga abogado ng mga Partido ay limitado sa: (a.) pagpapayo sa kanilang mga kliyente tungkol sa kanilang karapatan batay sa Konstitusyon; (b.) magsumite ng mga tanong sa Chairperson ayon sa par. 8, at (c.) paghain ng appropriate na manifestation, at kung i-require ng Komite, magsumite ng kani-kanilang memorandum ayon sa Rules of Procedure in Impeachment Proceedings.